# West San Martin Water Works, Inc.
# Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo Dahil sa Hindi Pagbabayad
### Magkakabisa sa Pebrero 1, 2020

**Mga Delingkwenteng Account**

Kapag ang isang bayarin ay nagiging delingkwente, bibigyan ng Utility ang tao o entidad na responsable para sa pagbabayad ng bayarin (tinutukoy dito bilang "customer") ng abiso sa pagka-delingkwente na nagsasabing ihihinto ang serbisyo ng tubig pagkalipas ng 60 araw. Itinuturing na delingkwente ang isang bill kung hindi ito mabayaran sa loob ng 19 araw ng pagpapa-koreo. Ang abiso sa pagka-delingkwente ay ipapadala sa mailing address na itinalaga sa account. Kung naiiba ang mailing address sa address ng ari-arian kung saan inihahatid ang serbisyo ng tubig, isang pangalawang abiso ang ipapadala sa address ng serbisyo at naka-address sa "Occupant."

**Mga Alternatibong Areglamente sa Pagbabayad o Palugit**

Ang sinumang customer na hindi makababayad para sa serbisyo ng tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng isang alternatibong areglamente sa pagbabayad o palugit para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 683-2098 bago maputol ang serbisyo para humiling ng ipinagpaliban (babayaran sa ibang petsa), binawasan, o iba pang ibang schedule ng pagbabayad, kabilang ang amortisasyon (paghati ng mga pagbabayad sa napagkasunduang haba ng panahon na hindi hihigit sa 12 buwan) ng mga hindi bayad na singil tulad ng nakasaad sa Rule No. 11.B .1.e. Hindi puputulin ang mga serbisyo dahil sa hindi pagbayad para sa sinumang customer na susunod sa kahaliling areglamente sa pagbabayad, hangga't nananatiling nasa oras ang pagbabayad ng customer sa kaniyang account para sa serbisyo ng tubig dahil naiipon ang mga sinisingil sa bawat kasunod na billing.

Maaaring ireklamo o iapela ng customer ang kaniyang bayarin sa pamamagitan ng di-pormal o pormal na proseso ng California Public Utilities Commission (CPUC). Ang impormasyon ay matatagpuan sa likuran ng bayarin. Ang mga reklamo sa billing ay hinahawakan ng Consumer Affairs Branch (CAB) ng CPUC at maaaring isumite online: http://www.cpuc.ca.gov/complaints/, sa pamamagitan ng telepono: 1-800-649-7570 (8:30 AM hanggang 4:30 PM, Lunes hanggang Biyernes) o sa pamamagitan ng koreo: California Public Utilities Commission, Consumer Affairs Branch, 505 Van Ness Avenue, 3rd Floor, San Francisco, CA 94102. Ang apela sa tinututulang bayarin sa Commission ay dapat na alinsunod sa Panuntunan sa Rules of Practice and Procedure ng Commission. Ang mga customer na nais talakayin ang mga opsiyon para maiwasan ang pagputol sa serbisyo dahil sa hindi pagbayad ay maaaring makipag-ugnayan sa utility. Makukuha ang karagdagang impormasyon sa pagtutol sa mga bill sa Rule No. 10.

**Abiso sa mga Nangungupahan o Nananahan**

Ang Utility ay gagawa ng makatwiran, at mabuting pagsisikap na ipaalam sa mga nananahan, sa pamamagitan ng nasusulat na abiso, kapag ang account ng serbisyo sa tubig ay may mga utang at sasailalim sa pagdiskonekta may 10 araw bago isara ang serbisyo ng tubig. Ang nasusulat na abiso ay magpapayo sa mga nangungupahan/nananahan na may karapatan silang maging mga customer ng Utility.

**Huling Abiso sa Pagdiskonekta**

Ang kabiguang sumunod sa mga tuntunin ng isang plano sa pagbabayad nang 60 araw o higit pa, o ang pagkabigo na magbayad ng pangkasalukuyang singil sa serbisyo sa tirahan nang 60 araw o higit pa, ay magreresulta sa pagbigay ng huling abiso sa pagdiskonekta. Ang huling abiso sa pagdiskonekta ay nasa anyong nakasabit sa pinto at ihahatid sa lugar nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago putulin ang serbisyo.

# West San Martin Water Works, Inc.
# Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo Dahil sa Hindi Pagbabayad
### Magkakabisa sa Pebrero 1, 2020

**Pagbalik ng Serbisyo**

Para maibalik o maituloy ang serbisyo na nadiskonekta dahil sa hindi pagbabayad, dapat na magbayad ang customer ng bayarin para sa muling pagkakabit. Makukuha ang mga mapagsasangguniang tuntunin at kondisyon para sa mga singil sa muling pagpapakabit sa Rule No. 11.C.

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa Utility**

West San Martin Water Works, Inc.
1005 Highland Ave
San Martin, CA 95046
408-683-2098